# Mga Benepisiyo Para Sa Kapansanan

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Mga benepisiyo para sa kapansanan | 1 |
| Sino ang makakakuha ng benepisiyong pangkapansanan ng Social Security? | 2 |
| Paano ako mag-aplay para sa mga benepisiyong pangkapansanan? | 3 |
| Kailan ako dapat mag-aplay at anong impormasyon ang aking kailangan | 4 |
| Sino ang magpapasiya kung ako ay may kapansanan? | 4 |
| Paano kami nagpapasiya | 5 |
| Ano ang mangyayari kapag ang aking kahilingan ay naaprubahan? | 7 |
| Maaari bang makakuha ng mga benepisyo ang aking pamilya? | 7 |
| Paano naaapektohan ng ibang matatanggap ang aking mga benepisiyo? | 8 |
| Ano ang kailangan kong sabihin sa Social Security? | 8 |
| Kailan ako makakukuha ng Medicare? | 9 |
| Ano ang kailangan kong malaman tungkol sa pagtatrabaho? | 9 |
| Ang Ticket to Work program | 9 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 9 |


## Mga benepisiyo para sa kapansanan

Ang kapansanan ay isang bagay na ayaw isipin ng karamihan ng mga tao. Ngunit ang posibilidad na kayo ay magkaroon ng kapansanan ay maaring mas malaki kaysa sa inaakala ninyo. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang isang 20 taong gulang na manggagawa ay may 1-sa-4 na pagkakataong magkaroon ng kapansanan bago niya marating ang ganap na edad ng pagretiro.

Ang libritong ito ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon ukol sa mga benepisiyo ng Social Security para sa kapansanan at hindi sadyang masagot ang lahat ng katanungan. Para sa tiyak na pagpaliwanag ng inyong kalagayan, dapat kayong makipag-usap sa kinatawan ng Social Security.

Nagbabayad kami ng mga benepisiyong pangkapansanan sa pamamagitan ng dalawang programa: ang programa ng seguro ng Social Security para sa kapansanan at ang programa ng Supplemental Security Income (Karagdagang Kabayarang Panseguridad) (SSI). Ang libritong ay tungkol sa programa ng Social Security para sa kapansanan. Para sa impormasyon tungkol sa programang pangkapansanan ng SSI para sa mga taong may sapat na gulang, tingnan ang *Supplemental Security Income* (Publikasyon Blg. 05-11000-TL).

Para sa impormasyon ukol sa mga programang pangkapansanan para sa mga bata, tingnan ang *Mga Benepisyo Para sa Mga Batang May Kapansanan* (Publikasyon Blg. 05-10026-TL). Ang aming mga publikasyon ay makikita online sa ***www.socialsecurity.gov.***

## Sino ang makakakuha ng benepisiyong pangkapansanan ng Social Security?

Ang Social Security ay nagbabayad ng benepisiyo sa mga taong hindi makapagtrabaho dahil sa karamdamang medikal na malamang mananatili nang hindi bababa sa isang taon o maaaring humantong sa pagkamatay. Iniaatas ng batas pederal ang napakahigpit na pakahulugang ito ng kapansanan. Habang ang ilang mga programa ay nagbabayad sa mga taong may kaunting kapansanan o kapansanang di-pangmatagalan, ito ay hindi ginagawa ng Social Security.

Ang ilang kapamilya ng mga manggagawang may kapansanan ay makatatanggap din ng kabayaran mula sa Social Security. Ito ay ipinapaliwanag sa pahina 7.

### Paano ko matugunan ang pangangailangan sa kita para sa mga benepisiyong pangkapansanan?

Sa pangkalahatan, upang makakuha ng mga benepisiyong pangkapansanan, dapat ninyong matugunan ang dalawang magkaibang pagsusuri ukol sa kita:

1. Isang pagsusuri ng kamakailan lamang na trabaho batay sa inyong edad nang magkaroon ng kapansanan; at
2. Isang pagsusuri ng tagal ng panahon ng pagtrabaho upang maipakita na sapat ang panahon ng inyong pagtrabaho sa ilalim ng Social Security.

Ang ilang mga bulag na manggagawa ay dapat tumugon lamang sa pagsusuri sa tagal ng panahon ng pagtrabaho.

Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng mga patakaran kung gaano karaming trabaho ang inyong kailangan para sa pagsusuri sa kamakailang trabaho batay sa inyong edad nang magkaroon ng kapansanan. Ang mga patakaran sa talahanayang ito ay batay sa ***sangkapat sa kalendaryo (calendar quarter)*** kung kailan kayo tumuntong o darating sa takdang edad.

Ang mga sangkapat na kalendaryo ay:

**Unang Sangkapat:** Ika-1 ng Enero hanggang ika-31 ng Marso;

**Pangalawang Sangkapat:** Ika-1 ng Abril hanggang ika-30 ng Hunyo;

**Pangatlong Sangkapat:** ika-1 ng Hulyo hanggang ika-30 ng Setyembre; at

**Pang-apat na Sangkapat:** ika-1 ng Oktubre hanggang ika-31 ng Disyembre.

| *Kung kayo ay nagkaroon ng kapansanan...* | *Karaniwang kailangan ninyo ng:* |
|---|---|
| Sa loob o bago ng sangkapat nang kayo ay tumuntong sa 24 taong gulang | 1.5 taon ng pagtrabaho sa loob ng tatlong-taong na magtatapos sa sangkapat kung kailan nagsimula ang inyong kapansanan. |
| Sa sangkapat pagkaraan ninyong tumuntong ng 24 taong gulang ngunit bago ng sangkapat nang kayo ay tumuntong sa edad 31 | Pagtatrabaho sa loob ng kalahating panahong nagsimula sa sangkapat ng inyong ika- 21 na kaarawan at magtatapos sa sangkapat kung kailan kayo nagkaroon ng kapansanan. Halimbawa: Kung kayo ay naging baldado sa sangkapat kung kailan kayo tununtong ng 27 taong gulang, kakailanganin ninyo ng tatlong taong pagtatrabaho sa loob ng anim na taon matapos ng sangkapat nang kayo ay nagkaroon ng kapansanan. |
| Sa sangkapat kung kailan kayo tumuntong sa edad 31 o pagkatapos noon | Trabaho sa limang taon ng 10-taong panahon na magtatapos sa sangkapat kung kailan nagsimula ang iyong kapansanan. |

Ang sumusunod na talahanayan ay magpapakita ng mga halimbawa kung gaano kayo katagal magtatrabaho upang matugunan ang pagsusuri ng tagal ng panahon ng pagtrabaho kung kayo ay magkaroon ng kapansanan sa iba't-ibang edad. Para sa pagsusuri ng tagal ng panahon ng pagtrabaho, ang inyong trabaho ay hindi kailangang pumaloob sa isang takdang panahon.

***PAUNAWA:*** *Hindi saklaw ng talahanayang ito ang lahat ng sitwasyon.*

| *Kung kayo ay nagkaroon ng kapansanan...* | *Karaniwan ninyong kailangan ang:* |
|---|---|
| Bago ng 28 taong gulang | 1.5 taon ng trabaho |
| 30 taong gulang | 2 taon |
| 34 taong gulang | 3 taon |
| 38 taong gulang | 4 na taon |
| 42 taong gulang | 5 taon |
| 44 taong gulang | 5.5 taon |
| 46 taong gulang | 6 na taon |
| 48 taong gulang | 6.5 taon |
| 50 taong gulang | 7 taon |
| 52 taong gulang | 7.5 taon |
| 54 taong gulang | 8 taon |
| 56 taong gulang | 8.5 taon |
| 58 taong gulang | 9 na taon |
| 60 taong gulang | 9.5 taon |

## Paano ako mag-aplay para sa mga benepisiyong pangkapansanan?

Dalawang paraan upang kayo ay makapag-aplay sa mga benepisiyong pangkapansanan. Maaari kayong:

1. Mag-aplay online sa ***www.socialsecurity.gov***; o
2. Tumawag sa aming libreng numero, **1-800-772-1213**, upang makipag-appointment para sa pag-aplay ng isang claim para sa kapansanan sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security o makipag-appointment para mayroong tumanggap ng inyong claim sa telepono. Ang mga panayam hinggil sa claim para sa kapansanan ay nagtatagal nang humigit-kumulang isang oras. Kapag kayo ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari kayong tumawag sa aming libreng TTY na numero, sa **1-800-325-0778**, sa pagitan ng alas-7 ng umaga at alas-7

ng gabi sa mga araw ng trabaho. Kung kayo ay nagtakda ang isang appointment, padadalhan namin kayo ng 'Disability Starter Kit' upang tulungan kayong makapaghanda para sa inyong panayam para sa claim para sa kapansanan. Ang Disability Starter Kit ay makukuha online sa ***www.socialsecurity.gov/disability.***

Karapatan ninyong magkaroon ng kinaatawan ng isang abogado o ibang kwalipikadong taong pinili ninyo sa pakipag-usap sa Social Security. May makukuha pang ibang impormasyon sa Ang Inyong Karapatan ng Pagkakaroon ng Kinatawan *(Your Right to Representation)* (Publikasyon No. 05-10075-TL) na makukuha mula sa Social Security.

## Kailan ako dapat mag-aplay at anong impormasyon ang aking kailangan

Kailangang mag-aplay kayo para sa mga benepisiyong pangkapansanan sa panahon ng pagkaroon ng kapansanan. **Maaaring matagal ang pagproseso ng isang aplikasyon para sa mga benepisiyong pangkapansanan (tatlo hanggang limang buwan).** Upang makapag-aplay para sa mga benepisyong pangkapansanan, kailangan ninyong kumpletuhin ang isang aplikasyon para sa mga benepisyo sa Social Security at ang *Ulat ng Kapansanan ng Adulto* (Adult Disability Report). Maaari ninyong kumpletuhin ang Disability Starter Kit online sa ***www.socialsecurity.gov***. Maaari rin ninyong i-print ang Ulat ng Kapansanan, kumpletuhin ito ay ibalik ito sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security. Maaari naming iproseso nang mas mabilis ang inyong aplikasyon kung tutulungan ninyo kaming makakuha ng anumang impormasyong kailangan namin.

Kabilang sa impormasyon na kailangan namin ang:

- Inyong numero ng Social Security;
- Inyong sertipiko ng kapanganakan o binyag;
- Mga pangalan, address at numero ng telepono ng mga doktor, caseworker, mga ospital at klinikanga nag-alaga sa inyo at mga petsa ng inyong pagpunta;
- Mga pangalan at mga dosis ng lahat ng gamot na inyong ininom;
- Mga hawak ninyong talaang medikal mula sa inyong mga doktor, mga terapist, mga ospital, mga klinika at mga caseworker;
- Mga resulta ng laboratoryo at pagsusuri;
- Isang buod ng kung saan kayo nagtrabaho at mga uri ng trabahong pinasukan ninyo; at
- Isang kopya ng inyong pinakabagong W-2 na Pormularyo (Wage and Tax Statement, Pahayag ng Suweldo at Buwis) o kung kayo ay may sariling pangkabuhayan, ang iyong federal tax return para sa nakaraang taon.

Maliban sa panimulang aplikasyon sa mga benepisiyong pangkapansanan, may mga iba pang pormularyo na kailangan ninyong sagutin. Ang isang pormularyo ay kumukolekta ng inpormasyon hinggil sa inyong medikal na kondisyon at kung paano ito nakaaapekto sa inyong kakayahang magtrabaho. Ang ibang mga pormularyo ay nagbibigay ng pahintulot sa mga doktor, ospital, at ibang mga propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan na gumamot sa inyo na ibigay sa amin ang impormasyon ng inyong kondisyong medikal.

Huwag ipagpaliban ang pag-aplay para sa mga benepisiyo kung hindi ninyo kaagad makukuha ang lahat ng impormasyong ito. Tutulungan namin kayong kunin ang mga ito.

## Sino ang magpapasiya kung ako ay may kapansanan?

Susuriin namin ang inyong aplikasyon upang siguruhing natupad ninyo ang ilang mahalagang pangangailangan para sa mga benepisiyong pangkapansanan. Titingnan namin kung mayroon kayong sapat na bilang ng taon sa pagtratrabaho upang upang maging kwalipikdado. At tatasahan namin ang anumang

mga kasalukuyang gawain sa trabaho. Kapag natugunan ninyo ang mga pangangailangang ito, ipoproseso namin ang inyong aplikasyon at ipapadala sa tanggapan ng Disability Determination Services (Mga Serbisyo sa Pagpapasiya tungkol sa Kapansanan) sa inyong estado.

Kukumpletohin ng pang-estadong ahensiyang ito ang pagpapasiya sa kapansanan para sa amin. Hihilingin ng mga doktor at espesyalista sa kapansanan sa ahensiya ng estado sa inyong mga doktor ang impormasyon tungkol sa inyong karamdaman. Isasaalang-alang nila ang lahat ng impormasyon hinggil sa inyong kaso. Gagamitin nila ang medikal na ebidensiya mula sa inyong mga doktor, ospital, klinika o institusyon kung saan kayo nagpagamot at lahat ng iba pang impormasyon. Tatanungin nila ang inyong mga doktor hinggil sa:

- Inyong medikal na karamdaman;
- Kung kailan nagsimula ang inyong (mga) medikal na karamdaman;
- Kung paano nakahahadlang ang inyong medikal na karamdaman sa inyong mga gawain;
- Resulta ng medikal na pagsusuri; at
- Anong mga paggamot ang inyong natanggap.

Hihilingin din nila sa mga doktor ang impormasyon tungkol sa inyong kakayahang gampanan ang mga gawaing pantrabaho, tulad ng paglakad, pag-upo, pagbubuhat, at pagtanda ng mga tagubilin. Hindi magpapasiya ang inyong mga doktor kung kayo ay may kapansanan.

Maaaring kailanganin ng mga tauhan ng pang-estadong ahensiya ang karagdagang medikal na impormasyon bago sila makapagpasiya kung kayo ay may kapansanan. Kung walang maibigay na karagdagang impormasyon ang inyong mapagkukunan ng medikal na impormasyon, maaaring hilingin ng pang-estadong ahensiya na kayo ay sumailalim sa isang espesyal na pagsusuri. Gustuhin man naming and sarili ninyong doktor ang titingin sa inyo, ngunit minsan ang pagsusuri ay dapat ipagawa sa iba. Ang Social Security ang magbabayad sa pagsusuring ito at sa ilang mga gastos na may kinalaman sa pagbibiyahe.

## Paano kami nagpapasiya

Gumagamit kami ng limang hakbang na proseso upang magpasiya kung kayo ay may kapansanan.

**1. Kayo ba ay nagtratrabaho?**

Kung kayo ay nagtratrabaho at ang inyong average na kita ay mas malaki kaysa sa isang takdang halaga bawat buwan, karaniwan ay hindi namin kayo tinuturing na may kapansanan. Ang halagang ito ay nagbabago bawat taon. Para sa kasalukuyang halaga, tingnan ang taunang *Update* (Publikasyon Blg. 05-10003-TL).

Kung kayo ay hindi nagtratrabaho, o ang kaya'y ang buwanang kita ay halos katumbas ng kasalukuyang halaga o mas mababa, titingnan ng pang-estadong ahensiya ang inyong medikal na kondisyon.

**2. "Malubha" ba ng inyong medikal na karamdaman?**

Upang kayo ay maituring na may kapansanan sa pakahulugan ng Social Security, kailangang humahadlang nang malaki ang inyong medikal na karamdaman sa inyong kakayahang gumawa ng mga simpleng gawain—tulad ng paglalakad, pag-upo at pagtanda ng mga tagubilin—nang hindi bababa sa isang taon. Kung ang inyong medikal na karamdaman ay hindi malubha, hindi namin kayo ituturing na may kapansanan. Kung ang inyong karamdaman ay malubha, magpapatuloy sa ikatlong hakbang ang ahensiya ng estado.

**3. Ang inyo bang (mga) karamdamang medikal ay tumutugon o tumutumbas sa listahan?**

Ang aming listahan ng karamdaman (ang mga karamdaman) ay naglalarawan ng mga kondisyong medikal na maitinuturing naming malubha upang mahadlangan ang isang

indibidwal na tapusin ang mahalagang gawain. Kapag ang inyong karamdaman (o kombinasyon ng kondisyong medikal) ay wala sa listahang ito, titingnan ng pang-estadong ahensiya kung ang inyong karamdaman ay kasinlubha ng isang karamdaman na nasa listahan. Kung ang antas ng pagiging malubha ng inyong karamdamang medikal ay nakatutugon o katumbas ng isang nakalistang kapansanan, pagpapasiyahan ng pang-estadong ahensiya na kayo ay may kwalipikadong kapansanan. Kung hindi, ang ahensiya ng estado ay magpapatuloy sa ikaapat na hakbang.

**4. Magagawa ba ninyo ang dating ginagawang trabaho?**

Sa hakbang na ito, kami ay magpapasiya kung ang inyong medikal na karamdaman ay makahahadlang ng inyong paggawa ng dating trabaho. Kung hindi, pagpapasiyahan namin na kayo ay walang kwalipikadong kapansanan. Kapag oo, kami ay magpapatuloy sa panlimang hakbang.

**5. Makagagawa ba kayo ng ibang uri ng trabaho?**

Kung hindi ninyo magagawa ang dating trabaho, titingnan namin kung may magagawa kayong ibang trabaho sa kabila ng inyong (mga) karamdaman. Tinuturing namin ang inyong edad, edukasyon, karanasan sa trabaho, at anumang ibang kakayahang maaaring mayroon kayo na maaaring gamitin para sa ibang trabaho. Kung hindi kayo makagagawa ng ibang trabaho, pagpapasiyahan namin na kayo ay may kapansanan. Kung makagagawa kayo ng ibang trabaho, pagpapasiyahan namin na kayo ay walang kwalipikadong kapansanan.

## Mga espesyal na patakaran para sa mga bulag

Mayroong ilang mga espedsyal na patakaran para sa mga bulag. Para sa karagdagang impormasyon, humiling ng kopya ng *If You Are Blind Or Have Low Vision—How We Can Help (Kung Kayo Ay Bulag o may Malabong Paningin—Paano Kami Makatutulong*, Publikasyon Blg. 05-10052).

## Sasabihin namin sa inyo ang aming kapasiyahan

Kapag may pasiya na ang pang-estadong ahensiya tungkol sa inyong kaso, padadalhan namin kayo ng sulat. Kung ang inyong aplikasyon ay naaprubahan, makikita sa liham ang halaga ng inyong benepisyo at kung kailan magsimula ang inyong mga benepisyo. Kung ang inyong aplikasyon ay aprubado, ipaliliwanag ng liham ang dahilan at sasabihin sa inyo kung paano apelahin ang kapasiyahan kung hindi kayo sumasang-ayon dito.

## Paano kung hindi ako sumasang-ayon?

Kung kayo ay hindi sumasang-ayon sa isang desisyong ginawa sa inyong claim, maaari ninyong iapela ito. Ang mga hakbang na maaari mong gawin ay ipinapaliwanag sa *Ang Proseso ng Mga Apela* (Publication No. 05-10041-TL), na makukuha mula sa Social Security.

## Paano ka namin matatawagan

Karaniwan, kami ay susulat o tatawag sa telepono kung nais namin kayong kontakin tungkol sa inyong mga benepisyo, subalit paminsan ang isang kinatawan ng Social Security ang maaaring pumunta sa inyong tahanan. Ang aming kinatawan ay magpapakita sa inyo ng pagkakakilanlan bago makipag-usap sa inyong tungkol sa mga benepisyo. Mas mainam na tawagan ang tanggapan ng Social Security upang alamin kung mayroong pinadalang tao para makipagkita sa inyo.

**Kung kayo ay bulag o may malabong paningin,** maaari kayong pumili na makatanggap ng mga pabatid mula sa amin sa isa sa sumusunod na paraan: Ang inyong mga pagpipilian ay:

- Pangkaraniwang nakasulat na pabatid sa pamamagitan ng first-class mail;

- Pangkaraniwang nakasulat na pabatid sa pamamagitan certified mail;
- Pangkaraniwang nakasulat na pabatid sa pamamagitan ng first-class mail at isang follow-up na tawag sa telepono;
- Pabatid na nakasulat sa Braille at isang pangkaraniwang nakasulat na pabatid sa pamamagitan ng first-class mail;
- Microsoft Word file sa isang data compact disc (CD) at pangkaraniwang nakasulat na pabatid sa pamamagitan ng first-class mail;
- Audio CD at isang pangkaraniwang nakasulat na pabatid sa pamamagitan ng first-class mail;
- Malalaking titik na pabatid (18-point na laki) at isang pangkaraniwang nakasulat na pabatid sa pamamagitan ng first-class mail;

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov/notices*** o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213**. Kung kayo ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari kayong tumawag sa aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**.

## Ano ang mangyayari kapag ang aking kahilingan ay naaprubahan?

Padadalhan namin kayo ng liham na nagsasaad na ang inyong aplikasyon ay naaprubahan, ang halaga ng inyong buwanang benepisyo at ang petsa ng pagkabisa nito. Ang inyong buwanang benepisyong pangkapansanan ay batay sa inyong karaniwang kikitain sa habang-buhay (average lifetime earnings). Ang pagbabayad ng inyong unang Social Security benepisyong pangkapansanan ay para sa pang-anim na buong buwan matapos ang petsa nang nag-umpisa ang inyong kapansanan.

Bilang isang halimbawa: Kung nagpasiya ang pang-estadong ahensya na ang iyong kapansanan ay nagsimula noong Enero 15, ang iyong unang benepisyo para sa kapansanan ay babayaran para sa buwan ng Hulyo. Ang mga benepisyo ng Social Security ay binabayaran sa buwan pagkatapos ng buwan kung kailan sila dapat bayaran, kung kaya't inyong matatanggap ang benepisyo ng Hulyo sa Agosto.

Tatanggap rin kayo ng kopya ng *Ano ang Dapat Ninyong Malaman Kapag Tinanggap Ninyo Ang Mga Benepisyo sa Kapansanan* (Publikasyon No. 05-10153), na magbibigay sa inyo ng mahalagang impormasyon tungkol sa inyong mga benepisyo at magsasabi sa inyo kung anong mga pagbabago ang dapat ninyong iulat sa amin.

## Maaari bang makakuha ng mga benepisyo ang aking pamilya?

Ang ilan sa inyong kapamilya ay maaaring maging kwalipikado sa mga benepisyo batay sa inyong trabaho. Kabilang dito ang:

- Inyong asawa, kung siya ay 62 taong gulang o mas matanda;
- Inyong asawa, sa anumang edad kung siya ay nag-aalaga ng inyong anak na mas bata sa edad na 16 o may kapansanan;
- Inyong anak na walang asawa, kabilang ang isang inampon na bata, o sa ilang mga kaso, isang anak sa unang asawa o apo. Ang bata ay dapat wala pang 18 taong gulang (o mas bata sa edad 19 kung kasalukuyang nag-aaral sa elementarya o sekundaryang paaralan; at
- Inyong anak na walang asawa, 18 taong gulang pataas, kung siya ay may kapansanan na nagsimula bago ng edad na 22. (Ang kapansanan ng anak ay dapat ding tumutugon sa pangkahulugan ng kapansanan para sa mga taong may sapat na gulang.)

***PAUNAWA:*** *Sa ilang mga sitwasyon, ang diborsyadong asawa ay maaaring maging kwalipikado sa mga benepisiyo batay sa inyong mga kita kung siya ay kasal sa inyo nang hindi bababa sa 10 taon at kasalukuyang walang asawa at hindi bababa sa 62 taong gulang. Hindi binabawasan ang halagang pera na ibinayad sa isang diborsyadong asawa ang*

*inyong benepisiyo o anumang mga benepisiyo na dapat mapunta sa inyong kasalukuyang asawa o mga anak.*

## Paano naaapektohan ng ibang matatanggap ang aking mga benepisiyo?

Kung kayo ay nakakatanggap ng iba pang mga benepisyo mula sa gobyerno (kasama na iyong mga mula sa ibang bansa), ang halaga ng inyong mga benepisyo sa kapansanan mula sa Social Security ay maaaring maapektuhan. Para sa karagdagang impormasyon, makikita ninyo ang mga sumusunod:

- *How Workers' Compensation And Other Disability Payments May Affect Your Benefits (Paano Maaaring Maapektohan ng Workers' Compensation At Iba Pang Mga Pagbabayad para sa Kapansanan Ang Iyong Mga Benepisyo*, Publikasyon Blg. 05-10018);
- *Windfall Elimination Provision (Probisyon para sa Pagtanggal ng Windfall*, Publikasyon Blg. 05-10045— Magagamit lamang sa Ingles); at
- *Government Pension Offset (Pag-offset ng Pensiyon sa Gobyerno*, Publikasyon Blg. 05-10007).

Makukuha ninyo ang mga publikasyong ito mula sa aming website, o maaari ninyo kaming tawagan upang hilingin ang mga ito.

## Ano ang kailangan kong sabihin sa Social Security?

### Kung kayo ay mayroong nananatiling mandamiento de aresto

Dapat ninyong sabihin sa amin kung ikaw ay mayroong nananatiling mandamiento de aresto sa alinman sa mga sumusunod na mga mabibigat na kasalanan:

- Pagpuslit upang iwasan ang pag-uusig at pagkakulong;
- Pagtakas mula sa kostudiya; at
- Tuluyang paglipad at pagtakas

Hindi kayo maaaring tumanggap ng regular na mga benepisyong pangkapansanan, o anumang mga kakulangan ng bayad na nakatakdang bayaran sa inyo sa alinmang buwan kung saan mayroong isang nananatiling mandamiento de aresto para sa alinman sa mga mabibigat na kasalanang ito.

### Kung kayo ay nahatulan ng isang krimen

Ipaalam kaagad sa Social Security kung kayo ay nahatulan ng isang krimen. Ang mga regular na benepisyong pangkapansanan o anumang kakulangan ng nakatakdang bayarin ay hindi binabayaran sa mga buwan na ang indibidwal ay nakakulong dahil sa isang krimen, ngunit ang mga miyembro ng pamilya na kwalipikado sa mga benepisyo batay sa trabaho ng tao na iyon ay maaaring patuloy na makatatanggap ng mga benepisyo.

Ang mga buwanang benepisyo o anumang mga kakulangan na nakatakdang bayaran ay hindi ibibigay sa taong gumawa ng isang krimen at kinulong sa isang institusyon batay sa utos ng hukuman at gastos ng publiko. Ito ay ipinatutupad kung ang naturang tao ay napatunayang:

- Walang kasalanan (not guilty) sa dahilang pagkasira ng ulo o kaparehong sanhi (tulad ng sakit sa pag-iisip, depekto sa pag-iisip o kakulangan ng pag-iisip); o
- Walang kakayahang humarap sa paglilitis.

### Kung kayo ay lumabag sa kondisyon sa parole o probasyon (probation)

Kailangan ninyong ipaalam sa amin kung kayo ay lumalabag sa kondisyon ng inyong probasyon o parole na ipinataw ng batas pederal o estado. Hindi kayo maaaring tumanggap ng regular na mga benepisyong pangkapansanan o anumang nakatakdang bayaran sa inyo sa alinmang mga buwan kung kelan kayo ay lumabag sa isang kondisyon ng inyong probasyon o parole.

## Kailan ako makakukuha ng Medicare?

Magkakaroon kayo ng awtomatikong saklaw ng Medicare matapos ninyong matanggap ang mga benepisyong pangkapansanan sa loob ng dalawang taon. Makakakuha kayo ng karagdagang impormasyon tungkol sa *Medicare Program sa* (Publication No: 05-10043-TL).

## Ano ang kailangan kong malaman tungkol sa pagtatrabaho?

Kapag kayo ay nagsimulang tumanggap ng mga benepisyong pangkapansanan ng Social Security, maaaring nais ninyong subuking magtrabaho muli. Ang Social Security ay mayroong natatanging patakaran na tinatawag na insentibo sa trabaho (work incentives) na nagpapahintulot sa inyo na suriin ang inyong kakayahang magtrabaho, at patuloy pa ring tumanggap ng buwanang mga benepisyong pangkapansanan sa Social Security. Maaari rin kayong makakuha ng tulong sa edukasyon, rehabilitasyon at pagsasanay na kailangan ninyo upang makapagtrabaho.

Kung kayo ay mamamasukan sa trabaho o maging self-employed, mahalagang ipaalam kaagad ito sa amin. Kailangan naming malaman kapag ikaw ay nagsimula o huminto sa trabaho; at kung mayroong anumang mga pagbabago sa inyong mga tungkulin sa trabaho, oras ng trabaho o kabayaran sa sahod. Maaari rin kayngo tumawag sa amin ng libre sa **1-800-772-1213**. Kung kayo ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari kayong tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**.

Para sa karagdagang impormasyon upang tulungan kayong bumalik sa trabaho, humiling ng kopya ng *Pagtratrabaho Habang May Kapansanan—Paano Kami Makatutulong* (Publication No. 05-10095-TL). Ang patnubay sa lahat ng aming suporta sa pagtatrabaho ay makikita sa aming Red Book, Isang Patnubay sa Suporta sa Pagtatrabaho Para sa mga Indibidwal na May Kapansanan sa Ilalim ng Seguro ng Social Security Para sa Kapansanan at ng Mga Programa ng *Social Security Disability Insurance (A Summary Guide to Employment Support for Individuals with Disabilities Under the Social Security Disability Insurance and Supplemental Security Income Programs*, Publication No. 64-030). Bumisita rin sa aming website sa, ***www.socialsecurity.gov/work.***

## Ang Ticket to Work program

Sa ilalim ng programang ito, ang mga benepisyaryo ng Social Security at ng Supplemental Security Income ay maaaring makakuha ng tulong sa pagsasanay at ibang mga serbisyo na kailangan nila upang makapagtrabaho nang walang gagastusin. Karamihan sa mga benepisyaryo ay tatanggap ng “ticket” na madadala nila sa isang tagatustos o nagkakaloob na kanilang pipiliin na maaaring magbigay ng uri ng serbisyo na kailangan nila. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa programang ito, humingi ng kopya ng *Ang Inyong Ticket-to-Work (Your Ticket To Work*, Publication No. 05-10061).

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba’t ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang

inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;

- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

## Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10029-TL | January 2017
Mga Benepisiyo Para Sa Kapansanan
Disability Benefits (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito